

KABANATA 9



PAGLALAKBAY NI RIZAL SA
EUROPA KASAMA SI VIOLA
(1887)

❧ Pagkaraang mailathala ang *Noli*, nagbalak si Rizal na bisitahin ang mahahalagang lugar sa Europa. Napapayag niyang sumama si Dr. Maximo Viola. Natanggap ni Rizal ang padalang P1,000 ni Paciano, sa kagandahang-loob ni Juan Luna na nasa Paris at siyang nakatanggap ng pera. Kaagad na binayaran ni Rizal ang utang niyang P300 kay Viola na ginamit niya sa pagpapalimbag ng *Noli*. Nabayaran na ang utang at may sapat pang perang natitira, handa na si Rizal na makita ang ibang lugar sa Europa bago umuwi sa Calamba. Unang- una nilang binisita ni Viola ang Potsdam, lungsod na malapit sa Berlin, na pinasikat ni Frederick ang Dakila.

Nagsimula ang Paglalakbay

Noong madaling-araw ng Mayo 11, 1887, nilisan nina Rizal at Viola-dalawang kulay-kayumangging doktor na manlalakbay ang Berlin, lulan ng tren. Ito ang mainam na panahon ng paglalakbay. Malapit na ang tagsibol, at sa buong Europa, nagsisimula na ang pamumulaklak, nagiging luntian muli ang kaparangan, at nagiging abala na rin sa buong kapaligiran. Ayon kay Viola, kasama sa bagahe ni Rizal ang lahat ng liham na natanggap niya mula sa kanyang pamilya at kaibigan. Ang kanilang destinasyon ay Dresden, " isa sa pinakamagandang lungsod sa Alemanya."

Dresden

Nagluwat sina Rizal at Viola ng ilang araw sa Dresden. Ang pagbisita nila ay nataon sa rehiyonal na eksposisyon ng mga bulaklak. Si Rizal, na may interes sa botanika, ay nag-aral ng "iba't ibang uri ng mga halamang may kakaibang ganda at laki." Dinalaw nila si Dr. Adolph B. Meyer, na masayang-masayang makita sila. Sa Museo ng Sining, na binisita rin nila, humanga nang husto si Rizal sa larawang Prometheus Bound at naalala niya ang representasyon ng ganoong ideya sa galerya ng sining sa Paris.

Dresden

Habang namamasyal sa pinagdarausan ng Eksposisyon ng Bulaklak, nakita nila si Dr. Jagor. Nang malaman nito ang kanilang planong pumunta sa Leitmeritz (ngayo'y Litomerice, Czechoslovakia) upang kitain si Blumentritt, pinayuhan silang telegramahan muna si Blumentritt para di lubhang magulat ang matandang propesor sa una nilang pagkikita. Ang Teschen (ngayo'y Decin, Czechoslovakia) ang susunod nilang pupuntahan pag-alis nila ng Dresden. Tumelegrama sina Rizal at Viola kay Blumentritt, sunod sa payo ni Dr. Jagor.

Unang Pagkikita nina Rizal at Blumentritt

- ❧ Mayo 13, 1887
- ❧ Nasa estasyon si Propesor Blumentritt para salubungin sina Rizal at Viola. Dala ng propesor ang larawang-guhit ni Rizal sa sarili nang sa gayo'y makilala ang kanyang Pilipinong kaibigan. Malugod niyang tinanggap sina Rizal at Viola.
- ❧ Sa unang pagkakataon, ang dalawang iskolar-sina Rizal at Blumentritt na nagkilala sa pamamagitan ng sulat ay nagkita ng per-sonal. Nagbatian at nagkumustahan sila sa wikang Aleman. Si Blumentritt ay isang mabuting Austriyanong propesor. Itinuring ni Blumentritt na parang tunay na anak si Rizal sa una pa lamang nilang pagkikita.
- ❧ Tinulungan ni Blumentritt sina Rizal at viola na makakuha ng kwarto sa Hotel Krebs. Pagkaraan, ay dinala niya ang mga ito sa kaniyang bahay para makilala ng kaniyang asawa at mga anak.
- ❧ Tumigil sila sa leimerits mula Mayo 13 hanggang Mayo 16, 1887.

Magagandang Asala ng Leimeritz

- ❧ Ang asawa ng propesor na si Rosa ay mahusay magluto, at naghandang siya ng masarap na lutuing Austriyano na gustung-gusto ni Rizal. Ang kanyang mga anak ay sina Dolores (tinatawag na Dora o Dorita ni Rizal), Conrad, at Fritz.
- ❧ Ipinakita ni Blumentritt sa kanyang mga bisita ang magaganda at makasaysayang tanawin. Isang hapon, inanyayahan niya ang mga ito sa isang beer garden kung saan mayroon ng pinakamasarap na beer sa Bohemia. Sa isang mesang malapit sa kinauupuan nila, pinag-uusapan ang pagkakaroon ng daang-bakal na daraan sa kalapit-bayan. Isa sa mga naroon ay ang burgomaster (alkalde ng bayan) ng naturang bayan.

Magagandang Asala ng Leimeritz

- ❧ Inanyayahan ng Samahang Turista ng Leitmeritz sina Rizal at Viola, na kung saan si Blumentritt ang kalihim. Bumigkas si Rizal ng talumpati sa wikang Aleman.
- ❧ Dahil gustong maalala ni Rizal ang masasayang oras sa tahanan ni Blumentritt, gumuhit si Rizal ng larawan ng propesor, at ibinigay niya ito rito. Tuwang-tuwa si Blumentritt nang matanggap ang regalo ni Rizal.
- ❧ Nakilala rin ni Rizal ang bantog na siyentipikong si Dr. Carlos Czepelak. Dinala ni Blumentritt si Rizal sa tahanan ni Czepelak, at doo'y nakausap niya ang iskolar na Polano. Ipinakilala rin ni Blumentritt si Rizal kay Propesor Robert Klutschak, bantog na naturalista.

Magagandang Asala ng Leitmeritz

- ❧ Sa huling gabi sa Leitmeritz, bilang pagkilala at pasasalamat sa kabutihang-loob ni Blumentritt, naghandog ng hapunan sina Rizal at Viola-isa na ring paraan ng pamamaalam sa kanilang otel.
- ❧ Noong Mayo 16, 9:45 ng umaga, nilisan nina Rizal at Viola ang Leitmeritz lulan ng tren. Nasa estasyon si Blumentritt, kasama ang kanyang asawa at mga anak, para ihatid ang dalawa, at di nila mapigilang lumuha habang dahan-dahang tumatakbo papalayo ang tren.

Magagandang Alaala ng Leimeritz

❧ Kipkip ni Rizal hanggang kanyang libingan ang magagandang alaala ng kanyang pagbisita sa Leitmeritz. Sa kanyang liham kay Blumentritt, na isinulat niya sa Vienna noong Mayo 24, 1887, ipinahayag ni Rizal ang kanilang pag-aalala sa karamdaman ni Dora, ang anak na babae ng propesor. "Nalulungkot kami ni Viola," sabi ni Rizal, "dahil ang aming munting kaibigang si Dora ay may sakit. Naaalala pa namin ang kanyang maliliit na asul na mata; parang naririnig pa namin ang masaya niyang halakhak, at nakikita namin ang maliliit niyang ngipin. Kawawang Dorita! Nakita ko pa siyang humabol sa tren nang kami'y papaalis! Taos-puso kong idinadalangin ang kanyang paggaling "

Magagandang Asala ng Leitmeritz

❧ Sa isang liham mula Brunn, Austria noong Mayo 19, 1887, araw pagkaraang lisanin ang Leitmeritz, isinulat ni Rizal kay "Kayong aking mga kaibigan sa Leitmeritz ay laging nasa isip ko at sasabihin ko sa sarili: Hindi ka nag-iisa, Rizal; sa isang sulok ng Bohemia ay may mabubuti, mararangal, at palakaibigang kaluluwang tulad mo; isipin mo sila; ituring na sila'y kasama mo, na kapag nakita ka nila'y natutuwa sila, at kasama mo rin silang luluha sa iyong mga pagdurusa ... ihalik mo ako sa mga bata, batiin mo ang iyong asawa para sa akin, at sa iyong butihing ama at mga kaibigan sa Leitmeritz. Sa aking puso, ako'y naninirahan sa Leitmeritz na tulad mo'y para ring isang Pilipino sa mga sentimiyento. Naniniwala akong mananatili sa aking puso ang Austria." Sa liham ding ito, sinabi ni Rizal kay Blumentritt na nalimutan niya ang kanyang diyamanteng alpiller sa kanyang kuwarto sa Otel Krebs.

Prague

☞ Pagkaraan ng Leitmeritz, binisita nina Rizal at Viola ang makasaysayang siyudad ng Prague. Dala nila ang mga liham ng rekomendasyon mula kay Blumentritt para kay Dr. Willkomm, propesor ng likas na kasaysayan sa Unibersidad ng Prague. Tinanggap sila ng mabuti ng propesor, kanyang asawa at mga anak na babae. Ipinasyal nila ang dalawang Pilipino sa mga makasaysayang lugar sa siyudad.

☞ Binisita nina Rizal at Viola ang libingan ni Copernicus, ang kilalang astronomo; museo ng likas na kasaysayan; mga laboratoryong bakteriologikal; bantog na kuwebang pinagkulungan kay San Juan Nepomuceno; at tulay kung saan itinaon ang santo.

Vienna

- ❧ Noong Mayo 20, narating nina Rizal at Viola ang magandang lungsod ng Vienna, kabisera ng Austria-Hungary.
- ❧ Binighani ng lungsod na ito si Rizal dahil sa naggagandahang gusali rito, imaheng panrelihiyon, at kakaibang halina. Ang Vienna ay tunay na "Reyna ng Danube."
- ❧ Sina Rizal at Viola, na may dalang liham ng rekomendasyon mula kay Blumentritt, ay nakipagkita kay Norfenfels, isa sa pinakamahusay na nobelista sa Europa nang panahong iyon.

Vienna

❧ Tumuloy sina Rizal at Viola sa Otel Metropole, Binisita nila ang mga interesanteng lugar ng siyudad, gaya ng mga simbahan, museo, galerya ng sining, teatro, at liwasang pampubliko. Nakilala nila ang dalawang mabuting kaibigan ni Blumentritt-sina Masner at Nordmann, mga Austriyanong iskolar.

Paglalakbay sa Danube Papuntang Lintz

❧ Noong Mayo 24, nilisan nina Rizal at Viola ang Vienna lulan ng bangka nang sa gayo'y makita nila ang magagandang tanawin ng Ilog Danube. Habang naglalakbay sila sa bantog na ilog, napuna ni Rizal ang kakaibang tanawin-mga gabarang punung-puno ng mga produkto, mga bulaklak at halamang tumutubo sa may pampang ng ilog, mga bangkang tahanan ng ilang pamilya, at mga kakatuwang bayan sa may pampang. Napuna niyang ang mga pasahero ng bangka ay gumagamit ng papel na napkin kapag kumakain, at ito ay bago sa kanya. Nasabi ni Viola na ang papel na napkin ay "mas malinis at mas matipid na gamitin kaysa telang napkin."

Paglalakbay sa Danube Papuntang Lintz

Mula Lintz Patungong Rheinfall. Nagtapos ang paglalakbay sa ilog sa Lintz. Nagbiyahe sila patungong Salzburg, at mula roo'y patungong Munich kung saa'y sandali silang tumigil para tikman ang ipinagmamalaking Munich beer na sinasabing pinakamasarap sa buong Alemanya. Mula Munich, nagtungo sila sa Nuremberg, isa sa pinaka- matandang lungsod sa Alemanya. Nakita nila rito ang kakila-kilabot na makinang pananakit na ginamit ng Inkisisyon. Pinag-aralang mabuti ni Rizal ang mga makinang ito. Namangha rin sila ni Viola sa paggawa ng mga manyika na isa sa pinakamalaking industriya ng lungsod. Pagkatapos sa Munich, sila sa Ulm. Ang katedral ng lungsod na ito ang "pinakamalaki at pinakamataas sa buong Alemanya." Isinalaysay ni Viola na inakyat nila ni Rizal ang daan- daang baitang nito. Bago makarating sa tore, makalawang beses na naliyo at kailangang magpahinga ni Viola. Samantala, dire-diretsong umakyat si Rizal hanggang sa makarating sa tuktok.

Pagtawid sa Hangganan Payungong Switzerland

☞ Mula Rheinfall, tinawid nila ang hangganan patungong Schaffhausen, Switzerland. Tumigil sila sa lungsod na ito mula Hunyo 2 hanggang 3, 1887. Ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalakbay at nagtungo sila sa Basel (Bale), Bem, at Lausanne.

Geneva

- ❧ Pagkaraang pasyalan ang magagandang tanawin sa Lausanne, sumakay ng bangka sina Rizal at Viola para tawirin ang maulap na Lawa ng Lemán sa Geneva.
- ❧ Bukod sa pamamasyal sa magagandang tanawin, namangka rin sina Rizal at Viola. Naipakita ni Rizal ang kanyang husay sa paggaod ng bangka, isang bagay na natutunan niya noon sa Calamba
- ❧ Noong Hunyo 19, 1887, niyaya ni Rizal si Viola sa isang magandang tanghalian dahil ito ang kanyang ika-26 na kaarawan.
- ❧ Noong Hunyo 23, naghiwalay na sila-nagbalik si Viola sa Barcelona at ipinagpatuloy ni Rizal ang paglalakbay sa Italya.

Ikinagalit ni Rizal ang Eksibisyon ng mga Igorot sa Eksposisyon sa Madrid noong 1887

Habang nasa biyahe si Rizal, kasama si Dr. Viola, nagkaroon ng Eksposisyon ng Pilipinas sa Madrid, Espanya. Nang nasa Geneva (Switzerland), nakarating kay Rizal ang balita-tungkol sa kalunus-lunos na kalagayan ng mga Igorot na ginawang bahagi ng eksibisyon, ang ila'y nangamatay, at ang kasuotang bahag at krudong armas ay pinagtatawanan at nilalait ng mga Espanyol at mamamahayag-mula sa mga kaibigan sa Espanya.

Dahil kampeon ng dignidad ng sangkatauhan, ikinagalit ni Rizal ang ganitong panlalait sa mga kababayang Igorot ng Hilagang Luzon. Sa kanyang liham sa kaibigang si Blumentritt na isinulat niya sa Geneva noong Hunyo 6, 1887, sinabi niya.

Ikinagalit ni Rizal ang Eksibisyon ng mga Igorot s Eksposisyon sa Madrid noong 1887

Ang aking mga kawawang kababayan (ang mga Igorot-Z.) ay naka-eksibit ngayon sa Madrid at nilalait-lait ng mga pahayagang Espanyol, maliban sa El Liberal na nagsasabing hindi makatao, at pagyurak sa dignidad ng tao ang itanghal nang parang mga hayop at halaman. Ginawa ko ang lahat ng maaaring gawin para mapigil ang ganitong paghamak sa kalagayan ng aking mga kalahi, ngunit hindi ako nagtagumpay. Ngayo'y isang babae ang namatay sa pulmonya. Ang mga Igorot ay ibinahay sa isang barraca (bahay na yari sa kawayan, damo, at mga sanga ng puno- Z.) At napagtatawanan pa ito ng El Resumen!"

Ikinagalit ni Rizal ang Eksibisyon ng mga Igorot sa Eksposisyon sa Madrid noong 1887

Sa isa pang liham kay Blumentritt na isinulat sa Geneva noong Hunyo 19, 1887, sinabi ni Rizal na sang-ayon siya sa isang eksposisyon," ngunit hindi eksibisyon ng kakaibang indibiduwal, na nagpapakita sa aking mga kababayan bilang isang kuryusidad na mag-aaliw sa mga tamad na taga-Madrid." "Idiniin niya: "Ang nais namin ay isang eksposisyong industriyal, hindi isang eksibisyon ng mga nilalang na pinilit na manirahan sa at mamatay sa lungkot at pulmonya o úpus!"

Si Rizal sa Italya

- ❧ Mula Geneva, nagtungo si Rizal sa Italya. Binisita niya ang Turin, Venice, at Florence. Noong Hunyo 27, 1887, narating niya ang Roma, ang "Walang-hanggang Lungsod" at tinatawag ding "Lungsod ng mga Cesar"
- ❧ Inilarawan niya kay Blumentritt ang "karangyaan na siyang Roma," isinulat niya noong Hunyo 27, 1887.

Si Rizal sa Italy

☞ “Narito na ako sa Roma! Lahat ng apakan ko'y may bahid ng alikabok ng mga bayani. Nilalanghap ko ang hang- ing nilalanghap din ng mga bayani. Sinasaluduhan ko ang bawat estatwa nang buong paggalang, at para sa akin, abang katutubo ng isang maliit na isla, para akong nasa santuwaryo. Nakita ko na ang Capitolium, ang Bato ng Tarpcia, ang Palatinum, ang Forum Romanum, ang Ampiteatro, atbp. Lahat ng narito ay marangal liban sa mga cafe at inga manganganta rito. Hindi ako pumasok sa mga ito (cafe) dahil kinaiinisan kong marinig ang kanilang mga awiting Pranses o makita ang mga modernong industriya. Ang mga paborito kong lugar ay ang Ampiteatro at ang Forum Romanum, doo'y naupo ako ng ilang oras, pinagmuni-muniban ang lahat at binuhay ang mga labi... binisita ko rin ang ilang simbahan at musco gaya ng Musco ng Capitoline at ang Simbahan ng Santa Maria Maggiore, na talaga namang napakaringal.”

Si Rizal sa Italy

- ❧ Noong Hunyo 29, Pista ni San Pedro at San Pablo, binisita ni Rizal sa kauna-unahang pagkakataon ang Vatican, ang "Lungsod ng mga Papa" at kabisera ng Kakristiyanuhan.
- ❧ Tuwing gabi, pagkaraang mamasyal sa buong araw, pagod na bumabalik si Rizal sa kanyang otel. "Pagod na pagod ako na tulad ng sang aso," isinulat niya kay Blumentritt," ngunit matutulog ako na arang isang diyos." pagkaraan ng isang linggong pagbabakasyon sa Roma, handa nang umuwi si Rizal sa Pilipinas. Isinulat niya sa kaniyang ama na siya'y paparating na.